


Senior High School

Komunikasyon at Pananaliksik sa Wika at Kulturang Pilipino

Ikalawang Markahan – Modyul 12: Pagsulat ng Kritikal na Sanaysay



**Pambungad sa Komunikasyon at Pananaliksik sa Wika at Kulturang Pilipino
Alternative Delivery Mode
Ikalawang Markahan – Modyul 12: Pagsulat ng Kritikal na Sanaysay
Unang Edisyon, 2021**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul

Manunulat: Ruben S. Montoya
Editor: Jonathan F. Bernabe
Tagasuri: Elisa N. Lajera, Perlita E. Dela Cruz, Maribeth C. Rieta,
Nerlito M. Del Mundo, Julie Anne V. Vertudes
Tagaguhit: Romdel F. Partoza
Tagalapat: Leonila L. Custodio
Tagapamahala: Francis Cesar B. Bringas
Job S. Zape, Jr.
Ramonito O. Elumbaring
Reicon C. Condes
Elaine T. Balaogan
Fe M. Ong-ongowan
Rommel C. Bautista
Galileo L. Go
Randy D. Punzalan
Elpidia B. Bergado
Noel S. Ortega
Maribeth C. Rieta

Inilimbag sa Pilipinas ng _____

Department of Education – Region 4A CALABARZON

Office Address: Gate 2 Karangalan Village, Brgy. San Isidro, Cainta, Rizal
Telefax: 02-8682-5773/8684-4914/8647-7487
E-mail Address: lrmd.calabarzon@deped.gov.ph

**Komunikasyon
at Pananaliksik sa Wika
at Kulturang Pilipino
Ikalawang Markahan-Modyul 12:
Pagsulat ng Kritikal na Sanaysay**

Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.



Alamin


Ang iyong isasagawang pag-aaral gamit ang modyul na ito ay tutugon sa dapat mong malaman at matutuhang kasanayan. Ito ay batay sa sumusunod:

Kasanayang Pampagkatuto:

Nakabubuo ng kritikal na sanaysay ukol sa iba't ibang paraan ng paggamit ng wika ng iba't ibang grupong sosyal at kultural sa Pilipinas **F11EP-Iif-34**

Layunin:

- Natutukoy ang iba't ibang paraan ng paggamit ng wika ng iba't ibang grupong sosyal at kultural sa Pilipinas
- Nauunawaan ang kahalagahan ng pagsulat ng kritikal na sanaysay para sa sarili at sa mambabasa
- Nakasusulat ng isang kritikal na sanaysay gamit ang wika sa iba't ibang grupong sosyal



Subukin

Sagutin ang sumusunod na katanungan batay sa iyong paunang pag-unawa sa paksa. Isulat ang titik ng tamang sagot sa sagutang papel.

1. Ang mga sumusunod ay dapat na isinasaalang-alang sa pagsulat ng kritikal na sanaysay maliban sa _____.
 - a. kaisahan ng tono, maayos na pagkakabuo
 - b. matalinong pagpapakahulugan, tema at nilalaman
 - c. may sukat, tugma, aliw-iw o indayog ng mga salita
 - d. anyo at estruktura, wika at estilo, gumagamit ng wika sa bawat sosyal at kultural na pangkat

2. Ito ay isang uri ng panitikan na naglalayong magbigay ng opinyon, kuro-kuro, pananaw, impormasyon o repleksiyon tungkol sa isang paksa.
 - a. Nobela
 - b. Sanaysay
 - c. Pananaliksik
 - d. Maikling Kwento

3. Tukuyin ang katangian ng isang kritikal na sanaysay.
 - I. Bunga ito ng isang malalimang pag-aaral na dumaan sa proseso at nangangailangan ng istatistikal na pag-aanalisa ng mga datos.
 - II. Ang sanaysay ay isang uri ng panitikan kung saan malayang maipahayag ng may-akda ang kanyang saloobin, pananaw, kuro-kuro, damdamin, reaksiyon at repleksyon tungkol sa isang paksa
 - III. May layunin itong magbigay kabatiran, impormasyon, mang-aliw o magpatawa.
 - IV. Kasama sa katangian ng isang kritikal na sanaysay: magaan ang tono, malaya at personal na pagtalakay ng awtor ng anumang paksang nais niyang talakayin na parang, ang kanyang kausap o kaharap ay ang mga mambabasa.
 - a. I, II, III
 - b. II,III, IV
 - c. III,IV, I
 - d. IV, I, II

4. Ang naging batayan sa paggamit ng wika ng iba't ibang grupong sosyal at kultural ay ang sumusunod, **maliban** sa _____.
 - a. idyolek
 - b. layunin
 - c. lugar at panahon
 - d. pinag-uusapan at grupong kinabibilangan ng mga nag-uusap

5. “Uy! Ikaw pala ang nanalo sa patimpalak sa *Spoken Word Poetry*, alam mo masarap ang kape d’yan sa labasan.” Tukuyin ang layunin ng nagsasalita bilang batayan sa paggamit ng wika ng grupong sosyal (magkaibigan).
 - a. Masarap ang kape sa labasan
 - b. Nais na magpalibre ng kape sa labasan
 - c. Pinamamalita na masarap ang kape sa labasan
 - d. Pinamalita ang pagkapanalo sa *Spoken Word Poetry*

6. “Dati hindi ako kumakain ng maanghang, dati hindi rin ako mahilig sa mga kantang maiingay, ayaw ko ng basketbol, hindi rin ako nanonood sa sinehan, ayaw ko ring sumakay sa motor, pero bakit ngayon ginagawa ko na ang lahat nang ito kapag kasama ko siya? Ano kaya ang ipinahihiwatig (batay sa layunin) ng nagsasalita?
 - a. Dahil masaya siyang kasama
 - b. Maaaring mahal n’ya na ito
 - c. Gusto n’ya lang na may kasama
 - d. Ayaw n’ya na mapahiwalay dito

7. Mukhang nangangailangan ng malaking pondo ang pagpapatayo ng gusali na magiging bahay-tuluyan ng mga tao sa tuwing may kalamidad. Anong grupong sosyal ang gumagamit ng salitang may salungguhit?
 - a. doktor
 - b. guro
 - c. manlalaro
 - d. inhenyero

- 8.”Iwasan mo na ang pagpa-foul, mapapaaga ang pag-graduate mo n’yan”. Anong grupong sosyal ang gumagamit ng salita na may salungguhit?
 - a. doktor
 - b. edukador
 - c. *coach*
 - d. *sports commentator*

9. Huwag mong kalimutan na dalhin ang reseta ng doktor sa tuwing bibili ka ng gamot sa botika, mahigpit na sila ngayon lalo na kung antibiotic ang bibilhin mo. Saan nakarehistro ang wika na may salungguhit?
 - a. Medisina
 - b. Edukasyon
 - c. Palakasan
 - d. Midya

10. Tukuyin ang grupong sosyal na gumagamit ng wika na may salungguhit. Si Noli De Castro ay nagsimula bilang isang mamamahayag sa radyo at telebisyon bago pa siya naging pangalawang pangulo ng republika, patunay lamang ito na malayo ang mararating mo kung matiyaga ka sa ginagawa mo.
- Medisina
 - Edukasyon
 - Palakasan
 - Midya
11. Buo ang loob ng testigo sa pagharap sa imbestigasyon kanina, hindi man lamang siya natinag sa mga katanungan ng abogado.
- Pangingisda
 - Kalakalan
 - Hustisya
 - Kalusugan

Para sa bilang 12 hanggang 15, tukuyin ang kahulugan ng salita/pahayag na nagsasaad ng pahiwatig bilang paraan ng paggamit ng wika ng ilang grupong sosyal at kultural.

12. “Sige po, salamat. Katatapos ko lang po kasing kumain.”
- Busog pa siya.
 - Nahihiya siyang kumain.
 - Galit s’ya sa nagyayang kumain.
 - Mas maiging magtiis sa gutom, kaysa masabihan ng patay-gutom.
13. Bawal ang utang, bukas na lang.
- Hindi nagpapautang
 - Bawal ang utang ngayon, bukas pwede
 - Ipinagbabawal ang hindi pagbayad sa utang
 - Kapag nagbayad ka ngayon, bukas pwede ka na namang mangutang
14. “Ang paggawa ng kabutihan ay may magandang balik. Ang pag-ibig sa kapwa ang pagpapakita ng totoong pagmamahal ng tao sa Diyos.” Ang maaring nagsasalita ay isang_____
- Magulang
 - Guro
 - Pari
 - Kaibigan
15. “Kapag ang tubig ay magalaw, ang ilog ay mababaw”.
- Ang taong walang kibo, nasa loob ang kulo.
 - Ang taong masalita ay maraming nalalaman.
 - Ang taong hindi masalita ang totoong may malawak na kaalaman.
 - Huwag kang maliligo kapag ang ilog ay malabo ang tubig ay mababaw.

Aralin 12

Pagsulat ng Kritikal na Sanaysay

Mahalagang magkaroon ka ng kaalaman at kasanayan sa Pagbuo ng Kritikal na Sanaysay Ukol sa Iba't Ibang Paraan ng Paggamit ng Wika ng Iba't Ibang Grupong Sosyal at Kultural sa Pilipinas. Anomang wika sa Pilipinas ay wikang sumasalamín sa mayaman nating kultura at panitikan. Ngayon ilahad mo ang iyong kaalaman at pananaw ukol sa mga wikang mayroon tayo sa pamamagitan ng pagsulat ng mapanuring sanaysay.



Balikan

Magbigay ng salita na ginagamit ng mga grupong sosyal at kultural sa Pilipinas.

Guro	Manlalaro ng ML
Ilokano	Kasambahay

Mga Tala para sa Guro



Matapos sagutan ang mga tanong, ihanda ang mga mag-aaral para sa susunod na bahagi ng modyul.



Tuklasin

Basahin at suriin ang sumusunod na pangungusap.

1. Isa ang insulin, sa kinikilalang pinakadakilang imbensiyon ng tao.
2. May 188 kinatawan ang lumagda sa reklamong impeachment ni Renato Corona.
3. Magandang kuhanin ng mga kabataang nangangarap na maging tagapagbalita ang kursong dyornalismo.
4. Mga 80 porsiyento ng komersiyo ng gulay sa ngayon ay mababa ang presyo.
5. Marami sa ating mga kabataan ang mas pamilyar sa google kaysa sa ebanghelyo, mas sanay sa internet kaysa sa inspirasyon, at mas subsob sa facebook kaysa sa pag-aaral.

Ano ang napansin mo sa mga salitang may salungguhit? Sa tulong ng kolum sa ibaba ay mauunawan mo ang mga *register* ng wika na ginagamit ng ilang grupong sosyal na ginamit naman sa pagbuo ng mga pangungusap sa isang sanaysay at iba pang uri ng panitikan.


Bilang	Register	Gumagamit na Grupong Sosyal
1	<i>insulin</i>	Ginagamit ng mga doctor sa mga taong may <i>diabetes</i>
2	<i>impeachment</i>	Ginagamit ng mga abogado sa korte sa mga taong inaakusahan ng mga paglabag sa batas
3	dyornalismo	Ginagamit ng angkor para magbigay mensahe at maghatid ng impormasyon
4	komersiyo	Ginagamit ng mga negosyante kaugnay ng kalakalan/negosyo o palitan ng produkto
5	<i>google, internet at facebook</i>	Ginagamit ng mga millennial sa <i>social media</i> upang kumuha ng impormasyon




Suriin

Basahin ang sanaysay na gumagamit ng ilang piling salita na nakarehistro sa ilang grupong sosyal at kultural sa bansa. Tukuyin at punan ang kahon sa ibaba.


Guro ng Bagong Siglo



Ang pagiging guro ay mahirap na propesyon. Laging dala ay lesson, sa klasrum siya'y maghapon. Sa bigat ng tungkulin, sarili'y di na pinapansin kaya minsan kung mamalasin, pneumonia at high blood laging kapiling. Ang kanyang suweldo'y pilit na pagkakasyahin at minsan ang bangko'y kanya ring dadalawin. Iba-ibang bisnes lahat ay gagawin, magkaroon lamang ng kaunting kikitain. Masaklap pa nito ang batang sisitahin, pati hukuman kanya ring mararating. Nakakalungkot pa, laman ka ng facebook nila, pati sa messenger ikaw pa rin ang bida. Dakila ka talaga, guro ka ng milenya dahil gaanoman kalayo ng inyong distansya sa kanila, nagbibigay ka ng hustisya magkaroon lang sila ng kita sa leksiyong iyong itinitinda. Malayo na nga talaga sila, dahil ang mga kabataan, wala ng pagkilala, kaya dapat na maging sintensiya, ay turuan sila ng mataas na disiplina, sa mga gurong pag-asa ng eskwela, at kahit ano pa ang sabihin nila, hindi mabubura ang katotohan ang anumang paghihirap ng guro, laging may panahon sa ikatututo ng eskwela at ang dedikasyon at pasyon ay laging buhay saan mang panahon at henerasyon. Mabuhay ang mga guro sa bagong bersyon.



salitang may salungguhit	(Grupong Sosyal/kultural)
<i>lesson</i>	
<i>pneumonia at highblood</i>	
bisnes	
hukuman	
<i>facebook at messenger</i>	
distansya	
hustisya	
kita	



Pagyamanin

Tukuyin ang kahulugan ng mga salitang may salungguhit na ginagamit ng ilang grupong sosyal at pangkat kultural sa bansa.

1. Malungkot na naman si Mudra kasi wala pa siyang datong na magmumula sa kanyang anakis.
2. Hindi ako maaaring magpasya hanggat wala pa ang aking bana.
3. Ginahigugma ko ikaw, mula noon at magpakailan man.
4. Tayo na at tapusin na natin ang pagsasagot sa ating modyul.
5. Mas mainam kung lahat tayo ay may bugong at pagsaluhan natin.

a. baon
d. nanay
g. asawa

b. minamahal
e. pera
h. dala

c. kagamitang pampagkatuto
f. anak

Bumuo ng isang kritikal na sanaysay sa tulong ng sumusunod na sitwasyon, wika ng isang sosyal/kultural na pangkat. Gawing gabay ang pamantayan sa pagmamarka.


Paksa: *New Normal*

Sitwasyon: Kalagayan ng edukasyon ngayong panahon ng pandemya

Pangkat ng tao: Mag-aaral, magulang at guro

Mga salita: *new normal, COVID 19, modalities, face-to-face, internet, WiFi, online, distance learning, blended learning, modyul, transit pass, social distancing, sabon, kinabukasan, pangarap, kumpol-kumpol, alcohol, P.E, shuttle, laptap, cellphone, ZOOM, Google class, TV, radyo, at iba pa.*

Kraytirya	Napaka- husay 5	Mahusay 4	Katam- taman 3	Paunlari n 2	Nangangaila- ngan ng Gabay 1	Kabuu ang Marka
Paglalahad ng kritikal na kaisipan/pahayag	Napaka-husay at malikhaing nailahad ang mga pahayag	Mahusay at malikhaing nailahad ang mga pahayag	Naisulat ang sanaysay sa katamtamang pamamaraan at may pagtangka sa pagiging malikhain nito	May papa-unlad na kasanayan sa pagsulat ng kritikal na sanaysay	Nangangailangang paunlarin ang kasanayan sa pagsulat	
Nilalaman	Nakabuo ng mga pahayag na sumusuporta sa mga ideya sa kabuuan ng sanaysay	Nakapaglahad ng dalawang ideya ukol sa paksa	Nakapaglahad ng isang ideya ukol sa paksa	Nakapaglahad ng mga magkakaibang pahayag	Hindi nakapaglahad ng paksa sa nilalaman	
Kaangku-pan ng gamit ng salita	Nakagamit ng mahigit sa limang rehistro ng wika kaugnay sa paksa	Nakagamit ng mahigit sa apat na rehistro ng wika kaugnay sa paksa	Nakagamit ng dalawang rehistro ng wika kaugnay sa paksa	Hindi nakagamit ng anumang rehistro ng wika kaugnay sa paksa	Nangangailangan ng gabay sa paggamit ng rehistro ng wika sa iba't ibang sitwasyon	
Pagiging makabuluhan ng pagbu- buo	Nakapagbigay ng kabuuang kaisipan/mensahe sa sanaysay	Nakapagbigay ng katamtamang kaisipan/pahayag sa sanaysay	Nalimitahan ang pagbibigay ng kaisipan/mensahe sa pagbuong sanaysay	Papaunlad ang pagbibigay ng kaisipan / mensahe	Walang naibigay na kaisipan/konklusyon ukol sa paksa	



Isaisip


Ang sanaysay ay isang uri ng panitikan kung saan malayang naipahahayag ng may-akda ang kanyang saloobin, pananaw, kuro-kuro, damdamin, reaksiyon at repleksyon tungkol sa isang paksa. May layunin itong magbigay-kabatiran, impormasyon, mang-aliw o magpatawa.

Kasama sa katangian ng isang kritikal na sanaysay: magaan ang tono, malaya at personal na pagtalakay ng awtor ng anumang paksang nais niyang talakayin na parang ang kanyang kausap o kaharap ay ang mga mambabasa.

Ayon kay Jocson (2016) ang dapat isalang-alang sa pagsulat ng kritikal na sanaysay ay ang mga sumusunod:

1. kaisahan ng tono;
2. maayos na pagkakabuo;
3. matalinong pagpapakahulugan;
4. tema at nilalaman;
5. anyo at estruktura;
6. wika at estilo; at
7. gumagamit ng wika sa bawat sosyal at kultural na pangkat.

Mahalaga sa lahat, kung ang isusulat na sanaysay ay tungkol sa iba't ibang wika ng mga grupong sosyal at kultural sa Pilipinas, kinakailangang may sapat na kaalaman at kasanayan sa salita/pahayag na ginagamit na batayan ay ang lugar, panahon, layunin, pinag-uusapan, at grupong kinabibilangan ng mga nag-uusap.



Isagawa

Isa-isahin ang mga mahahalagang kaisipan na dapat isaalang-alang sa pagsulat ng Kritikal na Sanaysay. Isagawa ito sa pamamagitan ng isang tula, awit, *hashtag*, hugot *lines* at iba pa.


Pamantayan sa Pagmamarka:

Naipaliliwanag ang Kritikal na Sanaysay..... 4 puntos

Sumasaklaw ang mga salitang ginamit sa kabuoan ng paksa... 4 puntos

Orihinal at hindi kinopya sa iba..... 2 puntos

Kabuoang iskor..... 10 puntos




Tayahin

Sumulat ng isang kritikal na sanaysay ukol sa isang grupong sosyal /kultural na gumagamit ng wika sa iba't ibang paraan. Malaya kang pumili ng iyong paksa na sa tingin mo ay may malawak kang kaalaman, may mayamang wikang nakarehistro sa paksang napili, at may sapat na kahandaan.

Narito ang gagamiting pamantayan sa pagmamarka:


Kraytirya	Napakahusay	Mahusay	Katamtaman	Paunlarin	Nangangailangan ng Gabay	Kabuuan ng Marka
	5	4	3	2	1	
Paglalahad ng kritikal nakaisipan / pahayag	Napakahusay at malikhaing nailahad ang mga pahayag	Mahusay at malikhaing nailahad ang mga pahayag	Naisulat ang sanaysay sa katamtamang pamamaraan at may pagtatangka sa pagiging malikhain nito	May papaunlad na kasanayan sa pagsulat ng kritikal na sanaysay	Nangangailangan paunlarin ang kasanayan sa pagsulat	

Nilalaman	Nakabuo ng mga pahayag na sumusupporta sa mga ideya sa kabuuan ng sanaysay	Nakapaglahad ng dalawang ideya ukol sa paksa	Nakapaglahad ng isang ideya ukol sa paksa	Nakapaglahad ng mga magkakaibang pahayag	Hindi nakapaglahad ng paksa sa nilalaman	
Kaangupan ng gamit ng salita	Nakagamit ng mahigit sa limang rehistro ng wika kaugnay sa paksa	Nakagamit ng mahigit sa apat na rehistro ng wika kaugnay sa paksa	Nakagamit ng dalawang rehistro ng wika kaugnay sa paksa	Hindi nakagamit ng anumang rehistro ng wika kaugnay sa paksa	Nangangailangan ng gabay sa paggamit ng rehistro ng wika sa iba't ibang sitwasyon	
Pagiging makabuluhan ng pagbubuo	Nakapagbigay ng kabuuang kaisipan/ mensahe sa sanaysay	Nakapagbigay ng katamtamang kaisipan / pahayag sa sanaysay	Nalimitahan ang pagbibigay ng kaisipan/ mensahe sa pagbuo ng sanaysay	Papaunlad ang pagbibigay ng kaisipan/ mensahe	Walang naibigay na kaisipan/ konklusyon ukol sa paksa	



Karagdagang Gawain

Binabati kita dahil natapos mo nang matagumpay ang mga pagsubok sa modyul. Dahil diyan, gusto kong maging handa ka sa susunod na gawain na iyong kahaharapin. Ngayon pa lamang ay paghandaan mo naang pagsusuri sa pananaliksik na tumatalakay sa wika at kulturang Pilipino.



Susi sa Pagwawasto

<p style="text-align: center;">Subukin</p> <p style="text-align: center;">C C A B C D A C D B B A B B C</p>	<p style="text-align: center;">Isagawa</p> <p style="text-align: center;">Tama Tama Mali Mali Tama Tama</p>	<p style="text-align: center;">Tayahin</p> <p style="text-align: center;">Batay sa awtput ng mag- aara!</p>
--	--	--

Sanggunian

De Laza, Crizel. 2016. *Pagbasa at Pagsusuri ng Iba't Ibang Teksto Tungo sa Pananaliksik*. Rex Book Store

Jocson, Magdalena O. 2016. *Komunikasyon at Pananaliksik sa Wika at Kulturang Pilipino*. Vibal Group, Inc.

Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph *